# Protection center muling bubuksan ng QC vs domestic violence

Dulot ng mga ulat na pagtaas ng bilang ng domestic violence incidents sa panahon ng COVID-19 pandemic, nagdesisyon ang Quezon City government na muling buksan ang protection center sa lungsod para sa mga biktima ng gender-based violence and abuse.

Ayon kay QC Mayor Joy Belmonte, nagdesisyong buksan muli ang center dahil sa ulat na may 602 katao o may average na walong katao kada araw sa buong bansa ang naging biktima ng rape mula March 17 hanggang May 23.

Anya, ang naturang center ay magsisimulang magserbisyo sa mga walk-in clients ngayong linggong ito partikular para sa mga kababaihan, kabataan at miyembro ng LGBT (lesbian, gay, bisexual, and transgender) community na nakakaranas ng pananakit at pang-aabuso.

"Sa pagdami ng kaso ng karahasan at pang-aabuso laban sa ating mga kababaihan, kabataan at miyembro ng LGBT community, nakita namin ang pangangailangan na muling buksan ang QCPC para matugunan ang problemang ito," pahayag ni Belmonte.

Ang center na matatagpuan sa QC General Hospital (QCGH) compound sa Brgy. Bahay Toro ay pansamantalang naipasara nang lumitaw ang COVID-19.

Bagamat naisara pansamantala, patuloy naman itong gumaganap sa mandate sa pamamagitan ng pagtanggap ng reklamo at pagsagot ng mga inquiries sa pamamagitan ng kanilang e-mail na que zoncityprotectioncenter@gmail.com, social media account at sa pamamagitan ng Hotline 122 para sa agarang pag aksiyon. *(Angie dela Cruz)*

PRINTED FROM PRESSREADER